

ARTA pinapatawag ang mga ahensyang nabanggit sa SONA

Agosto 6, 2019 - Nagpatawag ng isang pagpupulong ang Anti-Red Tape Authority (ARTA) kaugnay ng limang *'most complained'* na ahensya na nabanggit ni Pangulong Rodrigo Duterte sa kanyang ika-apat na *State of the Nation Address* (SONA). Gaganapin ang nasabing pagpupulong sa ika-9 ng Agosto, Biyernes, sa Malacañang Premier Guest House.

Ang limang ahensya na nabanggit ay ang Land Transportation Office (LTO), Social Security System (SSS), Bureau of Internal Revenue (BIR), Land Registration Authority (LRA), at Home Development Mutual Fund (HDMF) o mas kilala bilang Pag-IBIG. Ayon sa Pangulo, ito ang mga ahensiyang nakatanggap ng pinakamalaking bilang ng reklamo sa Presidential Complaint Center hotline 8888 patungkol sa kanilang mga serbisyo.

Ang magaganap na dayalogo ay dadaluhan din ng Office of the Executive Secretary (OES), Presidential Complaint Center (PCC), at ng Presidential Anti-Corruption Commission (PACC) kung saan tatalakayin ang mga problema at reklamong natatanggap ng mga nabanggit na ahensya.

Bukod pa rito, tatalakayin din ang mga pahirap na proseso sa kani-kanilang mga transaksyon, mga nakalatag na solusyon rito, at mga grievance mechanism sa pagtanggap ng reklamo mula sa publiko

Matatandaan na mabigat ang direktiba ng Pangulo patungkol sa mga pahirap na transaksyon sa gobyerno.

"I reiterate my government --- my directive to the government and instrumentalities, including the LGUs and the government corporations: simplify", giit ni Pangulong Duterte sa kanyang nagdaang SONA noong ika-22 ng Hulyo.

Ang pag-*'simplify'* ng mga requirements at proseso sa gobyerno ang siyang pinaka-mandato ng RA 11032 o ang *'Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018'*.

Ayon sa batas na ito, ang lahat ng ahensya ng gobyerno sa buong bansa at mga opisina nito abroad ay dapat mag-*streamline* ng kanilang mga proseso upang makasunod sa itinakdang 3-7-20 *standard processing time*: tatlong araw para sa simpleng transaksyon, pitong araw sa *complex* na transaksyon, at 20 araw para sa mga transaksyon na kailangan ng teknikal na pagsusuri.

Ang ARTA ay ahensya ng gobyerno na siyang nagpapatupad ng RA 11032 at nagsusulong ang mga inisiyatibo sa *ease of doing business* at *anti-red tape reforms*. At ngayong ganap nang epektibo ang implementing rules and regulations (IRR) ng RA 11032, hindi magdadalawang-isip ang ARTA na kasuhan at habulin ang sinumang lalabag sa batas.

[END]